Mainam na lalaki si `Abdullāh kung sakaling siya ay nagdarasal sa gabi.

Ayon kay Sālim bin `Abdillāh bin `Umar bin Al-Khaṭṭāb, malugod si Allāh sa kanila, ayon sa ama niya: Ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nagsabi: "Mainam na lalaki si `Abdullāh kung sakaling siya ay nagdarasal sa gabi." Nagsabi Sālim: "Kaya si `Abdullāh noon matapos niyon ay hindi natutulog sa gabi malibang kakaunti."

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinabatid ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na si `Abdullāh bin `Umar ay isang matuwid na lalaki at itinangi niya ito sa pagbanggit sa pagbangon sa gabi para magdasal. Kaya siya noon ay hindi natutulog sa gabi malibang kakaunti.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/4223